# Buod ng Pagtuturo na Tulad ng kay Cristo

**Magtuon kay Jesucristo**

| Magturo tungkol kay Jesucristo Anuman ang Itinuturo Mo | Tulungan ang mga Mag-aaral na Lumapit kay Jesucristo |
|---|---|
| Bigyang-diin ang Halimbawa ni Jesucristo | Tulungan ang mga Mag-aaral na Madama ang Pagmamahal, Kapangyarihan, at Awa ng Panginoon sa Kanilang Buhay |
| Ituro ang tungkol sa mga Titulo, Tungkuling Ginagampanan, at mga Katangian ni Jesucristo | Tulungan ang mga Mag-aaral na Patibayin ang Kanilang Ugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo |
| Maghanap ng mga Simbolo na Nagpapatotoo kay Jesucristo | Tulungan ang mga Mag-aaral na Magsikap nang Mabuti na Maging Higit na Katulad ni Jesucristo |

**Mga Alituntunin ng Pagtuturo na Tulad ng kay Cristo**

| Mahalin ang mga Tinuturuan Mo | Magturo sa pamamagitan ng Espiritu | Ituro ang Doktrina | Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral |
|---|---|---|---|
| Tingnan ang mga mag-aaral kung paano sila nakikita ng Diyos. | Espirituwal na ihanda ang iyong sarili. | Pag-aralan ang doktrina ni Jesucristo para sa iyong sarili. | Tulungan ang mga mag-aaral na maging responsable sa kanilang pag-aaral. |
| Sikaping makilala sila—unawain ang kanilang mga kalagayan, pangangailangan, at kalakasan. | Laging maging handang tumugon sa mga espirituwal na pahiwatig tungkol sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. | Magturo mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. | Hikayatin ang mga mag-aaral na makilala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo araw-araw. |
| Banggitin ang kanilang pangalan kapag ipinagdarasal sila. | Lumikha ng mga kapaligiran at oportunidad upang maturuan ng Espiritu Santo ang mga mag-aaral. | Tulungan ang mga mag-aaral na mahanap, malaman, at maunawaan ang mga katotohanan sa mga banal na kasulatan. | Anyayahan ang mga mag-aaral na maghandang matuto. |
| Lumikha ng ligtas na kapaligiran kung saan iginagalang ang lahat at alam nilang pinahahalagahan ang kanilang partisipasyon at mga ibinahagi. | Tulungan ang mga mag-aaral na maghangad, makahiwatig, at kumilos ayon sa personal na paghahayag. | Magtuon sa mga katotohanang humahantong sa pagbabalik-loob at nagpapalakas ng pananampalataya kay Jesucristo. | Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang mga katotohanang natutuhan nila. |
| Maghanap ng mga angkop na paraan para maipakita ang iyong pagmamahal. | Magpatotoo nang madalas, at anyayahan ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga nadama, naranasan, at patotoo. | Tulungan ang mga mag-aaral na makahanap ng personal na kaugnayan sa doktrina ni Jesucristo. | Anyayahan ang mga estudyante na ipamuhay ang natutuhan nila. |